

PAGSASABUHAY NG ATING MGA
PRINSIPIYO

PAGPROTEKTA SA KUNG ANO
ANG MAHALAGA



IRON
MOUNTAIN®

KODIGO NG ETIKA at ASAL SA NEGOSYO





ISINASABUHAY NATIN ANG ATING MGA PRINSIPIO

ARAW-ARAW, KAHIT SAAN

TAYO NAGPAPATAKBO NG NEGOSYO.

–Bill Meaney, CEO

Mensahe mula kay Bill Meaney, CEO

Mga kapwa Mountaineer,

Tiwala. Mahirap itong makamit, at madali itong masira. Sa loob ng halos pitong taon, ang ating mga Prinsipyo at kung paano natin isinasabuhay ang mga ito ang naging dahilan kung bakit nagtitiwala sa atin ang ating mga customer, kasosyo at shareholder. Patuloy na ginagabayan ng ating mga Prinsipyo ang ating mga asal at kinakatawan ang mga pamantayang pinakamahalaga para sa atin.

Kumilos nang may Integridad, Sariling Kaligtasan at Seguridad, Magtaguyod ng Halaga ng Customer, Umako ng Responsibilidad at Isulong ang Pagiging Kabilang at Pagtutulungan.

Ang Kodigong ito ay kung paano natin inilalapat ang mga Prinsipyong iyon.

Binibigyan tayo nito ng kumpiyansa, lalo na sa paggawa ng mga legal at etikal na mga desisyon. Tinutulungan tayo nitong sumunod sa mga batas, patakaran at regulasyon na nakakaapekto sa ating negosyo. Ginagabayan nito ang ating mga pagpili, kahit nasa mga mapanghamong sitwasyon.

Basahin nang mabuti ang dokumentong ito, para maunawaan at masunod ninyo ang ating mga patakaran at Prinsipyo kapag pumapasok kayo sa trabaho at nagkakaroon ng negosyo bilang mga Mountaineer.

Tandaan, nagsisimula ang tiwala sa iyo. Magsalita!

Hindi tayo dapat kailanman maging kampante tungkol sa Kodigo at sa kinakatawan nito. Kaya kung naniniwala kayong may hindi nakakatugon sa ating Kodigo o Mga Prinsipyo, sabihin ito sa isang tao. At tandaan na hindi kailanman natin kukunsintihin ang paghihiganti laban sa sinumang naghayag ng alalahanin.

Nakasalalay ang ating tagumpay at reputasyon sa pagsunod sa ating Kodigo. Sa ngalan ng Board of Directors at ng ating ehekutibong pamunuan, pinapasalamatan ko kayo para sa inyong Pagsasabuhay ng ating mga Prinsipyo at Pagprotekta sa Kung Ano ang Mahalaga.

Bumabati,

Bill Meaney

MGA NILALAMAN

Mensahe mula kay Bill Meaney, CEO
Ang Ating Mga Prinsipyo

10

PAGSASABUHAY NG ATING MGA PRINSIPYO, PAGPROTEKTA SA KUNG ANO ANG MAHALAGA

Pagsasalita!
Ang Ating Mga Responsibilidad sa Ilalim ng Kodigo

18

PAGKILOS NANG MAY INTEGRIDAD

Matinding Pakikipagkumpitensya pero Patas
Pagkolekta ng Impormasyon tungkol sa Ating Mga Kakumpitensya
Pag-iwas sa Mga Salungatan ng Interes
Pangangasiwa at Paghahayag ng mga Tumpak na Talaan
Pagsunod sa Mga Internasyonal na Batas at Regulasyon sa Pakikipagkalakalan
Paghadlang sa Panunuhol at Katiwalian
Naaangkop na Pagbibigayan ng Regalo at Hospitalidad

36

PAGBIBIGAY NG KAKAYAHAN SA ATING MGA TEAM

Paggalang at Pagprotekta sa mga Kapwa Mountaineer
Pagpapahalaga sa Pagiging Kabilang at Pagkakaiba-iba
Pagsasabuhay ng Kaligtasan 24/7
Ligtas at Responsableng Paggamit sa mga Sistema ng Teknolohiya at Impormasyon
Pag-iingat sa Ating Kumpidensyal na Impormasyon at Intelektuwal na Pag-aari
Pagprotekta sa Ating Pinakamahahalagang Pag-aari
Epektibo at Responsableng Paggamit ng Social Media
Pagbebenta at Pag-market nang May Integridad

56

PAGTATAGUYOD NG TIWALA SA MGA CUSTOMER AT MGA KOMUNIDAD

Paggalang sa Pagkapribado
Pagprotekta sa Kapaligiran at Pag-aambag sa Ating mga Komunidad
Paggalang sa Mga Karapatang Pantao at Paghadlang sa Modernong Pang-aalipin
Pagpili ng mga Tamang Kasosyo
Pagprotekta sa Ating Brand at Reputasyon
Pulitika sa loob at labas ng Lugar ng Trabaho
Pagbabawal sa Insider Trading

74

ANG IRON MOUNTAIN ETHICS LINE

Ang Iron Mountain Ethics Line

ANG ATING MGA PRINSIPYO

ang tumutukoy sa kung sino tayo. Ginagabayan nito ang ating mga pagkilos bilang mga Mountaineer.

ANG ATING REPUTASYON

bilang isang etikal na kumpanya ay tumutulong sa atin na paunlarin ang pinakamagagaling na tao, magtaguyod ng tiwala sa ating mga stakeholder at magbukas ng mga pintuan sa mga bagong merkado.

Bagama't tinutugunan ng Kodigo ang maraming isyung baka harapin natin bilang mga Mountaineer, walang dokumento ang kayang sumaklaw sa lahat ng bagay. Kung wala sa Kodigo ang sagot o gusto mo ng karagdagang impormasyon sa anumang paksa ng Kodigo, maaaring:

- Makipag-usap sa iyong manager
- Balikan ang mga nauugnay na patakaran
- Makipag-ugnayan sa Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod



PAGSASABUHAY NG
ATING MGA PRINSIPYO

PAGPROTEKTA SA
KUNG ANO ANG
MAHALAGA





MAY BOSES

ANG

LAHAT SA

IRON MOUNTAIN

14 Pagsasalita!

16 Ang Ating Mga Responsibilidad sa Ilalim ng Kodigo

PAGSASALITA

!

Kung hindi ka sigurado tungkol sa isang partikular na sitwasyon o iniisip mong may maling ginagawa ang isang tao, tungkulin mong magsalita bilang isang Mountaineer.

Sa pamamagitan ng paghahayag ng isyu, makakapag-imbetiga ang kumpanya at matutugunan ang problema para hindi na ito maulit.

Ano ang Ethics Line?

Pinapayagan ka ng Iron Mountain Ethics Line na kumpidensyal na ipaalam ang iyong mga alalahanin at (kung saan legal na gawin ito) hindi makikilala. Kinukuha ng isang hiwalay na kumpanya ang mga ulat at pagkatapos ay ipinapadala ang mga ito sa Iron Mountain para sa pagsusuri, pagsisiyasat at naaangkop na pagkilos.

Palaging available ang Ethics Line. Bisitahin ang www.IMEthicsLine.com o sumangguni sa likod ng Kodigo para sa iyong lokal na numero ng telepono.

PUWEDE KA RING PUMUNTA SA:

- Iyong manager o supervisor
- Human Resources
- Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod
- Pandaigdigang Kaligtasan, Panganib, at Seguridad
- Pangkalahatang Tagapayo ng Iron Mountain

Ano ang mangyayari matapos mong iulat ang hindi wastong asal?

Sinisiyasat nang agaran, masinsinan, at patas ang lahat ng ulat tungkol sa hindi wastong asal. Papanatiliing kumpidensyal ang iyong ulat, hanggang sa makakaya ng mga nangangasiwa.

Kung inuugnay ng imbestigasyon ang posibleng kriminal na aktibidad, makikipag-ugnayan ang Iron Mountain sa lahat ng naaangkop na awtoridad sa pagpapatupad ng batas at ganap nitong susuportahan ang legal na proseso.

Kapag natapos ang imbestigasyon, gagawin namin ang naaangkop na pagdidisiplina at mga pagbabagong kinakailangan para matiyak na hindi na ito mauulit. Bibigyan ka rin namin ng update sa resulta ng iyong ulat.

Ligtas ang pagsasalita sa Iron Mountain.


Hindi pinapahintulutan ng Iron Mountain ang paghihiganti. Isa ito sa pinakamasasamang uri ng hindi wastong asal.

Makikita sa iba't ibang anyo ang paghihiganti, kasama ang:

- Panggigipit o mga pagbabanta
- Demosyon o pagtanggap sa trabaho
- Pagbabawas ng mga oras o oportunidad para sa overtime
- Hindi makatuwirang negatibong pagsusuri sa performance
- Pangmamaliit ng management o paglayo ng mga katrabaho

Anumang anyo ng paghihiganti laban sa isang indibidwal na naghayag ng problema na may mabuting intensyon ay mahaharap sa mga seryosong kahihinatnan, na aabot sa at kasama ang pagkatanggal sa trabaho.

Bagama't susubaybayan ng kumpanya ang pagkakaroon ng paghihiganti at susubukan nila itong pigilan, tandaan na tungkulin ng bawat Mountaineer na magsumbong kapag nakita mo ito.



ANG ATING MGA RESPONSIBILIDAD SA ILALIM NG KODIGO

Sino ang dapat na sumunod sa Kodigo?

Dapat na sumunod sa Kodigo ang bawat taong nagtatrabaho sa Iron Mountain, kasali rito ang mga empleyado, opisyal, ahente at mga miyembro ng Lupon ng mga Direktor. Nailalapat ang Kodigo sa lahat ng yunit ng negosyo, legal na entidad, kinokontrol na joint venture, affiliate, at kasosyo ng Iron Mountain sa buong mundo. Walang liban. Sa mga sitwasyon kung saan naiiba ang patakaran o lokal na pamantayan mula sa Kodigo, ang mas mahigpit ang ilalapat.

Ang mga nakikipagtulungan sa ating negosyo o para sa atin, kabilang ang mga supplier, vendor, kontratista, tagapayo, pansamantalang tauhan, contingent worker at iba pa ay dapat na sumunod sa mga prinsipyong itinakda sa ating Kodigo ng Asal para sa Supplier at panatilihin ang katulad na matataas na pamantayan ng asal sa negosyo.

Lahat ng Mountaineer, sa bawat antas ng ating kumpanya, ay may responsibilidad na:


- **Isabuhay** ang ating Mga Prinsipyo
- **Sundin** ang ating Kodigo, mga patakaran, pamamaraan at ang batas
- **Magsalita** kapag may natuklasan kang hindi wastong asal
- **Tapusin** sa takdang oras ang iyong mga pagsasanay sa pagsunod
- **Makipagtulungan sa amin** kapag iniimbestigahan ang hindi wastong asal
- **Magtanong** kapag hindi mo alam kung ano ang dapat gawin

Ang mga Manager at Leader ay may karagdagang responsibilidad na:

- **Talakayin** ang Kodigo at ang ating Mga Prinsipyo sa mga pagpupulong ng team at pagsusuri sa performance ng mga tao
- **Gantimpalaan** ang mga pagkilos na nagpapakita ng etikal na pamumuno
- **Sabihin** sa iyong mga team kung paano nauugnay ang mga pagkilos na ito sa ating tagumpay
- **Gawing** komportable ang mga tao sa pagtatanong o paghahayag ng mga isyu
- **Ituro** sa mga tao ang mga paraan kung paano sila makakapag-ulat ng hindi wastong asal
- **Idiin** na hindi natin papahintulutan ang paghihiganti
- **Tiyakin** na kumikilos din ang ating mga kasosyo (gaya ng mga tagapayo o mga temp) alinsunod sa ating Mga Prinsipyo

Mga Waiver

Sa mga bihirang sitwasyon, maaaring magbigay ng mga waiver ang ating General Counsel. Ang gayong mga waiver ay maingat na isasaalang-alang alinsunod sa ating mga Prinsipyo at ihahayag gaya ng hinihiling ng batas.



PAGKILOS NANG MAY INTEGRIDAD





NANANALO

ANG IRON

MOUNTAIN BATAY SA

KAHUSAYAN

AIN[®]
anagement

- 22** Matinding Pakikipagkumpitensya pero Patas
- 24** Pagkolekta ng Impormasyon tungkol sa Ating Mga Kakumpitensya
- 26** Pag-iwas sa mga Salungatan ng Interes
- 28** Pangangasiwa at Paghahayag ng mga Tumpak na Talaan
- 30** Pagsunod sa Mga Internasyonal na Batas at Regulasyon sa Pakikipagkalakalan
- 32** Paghadlang sa Panunuhol at Katiwalian
- 34** Naaangkop na Pagbibigayan ng Regalo at Hospitalidad

MATINDING AKIKIPAGKUMPITENSYA PERO PATAS

Naniniwala ang Iron Mountain na binibigyan tayo ng malaya at kumpetitibong merkado ng oportunidad na magtagumpay. Kinikilala natin na kahit ang mistulang pahiwatig ng hindi pagiging patas o panloloko sa ating mga kasanayan sa pakikipagkumpitensiya ay maaaring direktang makahadlang sa ating mga pagkakataon na magtagumpay. Sa pamamagitan ng paghahatid ng halaga at pagbibigay ng pinakamahusay na serbisyo, nangunguna tayo sa ating kakumpitensiya at nagtataguyod ng pangmatagalang tiwala sa mga customer natin.



Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Iba-iba ang mga batas ng mga bansa para sa patas na kumpetisyon, pero hindi nagbabago ang mga prinsipyong ito:

- Iwasan ang pormal o di-pormal na mga kasunduan sa mga kakumpetisyon para:
 - Maningil ng isang partikular na presyo ng isang serbisyo (price fixing)
 - Manipulahin ang proseso ng pag-bid (bid rigging)
 - Hatiin ang mga merkado ayon sa heograpiya o customer (market allocation)
- Huwag magbitiw ng mga mapanirang pahayag tungkol sa ating mga kakumpitensiya o sa kanilang mga serbisyo
- Gumawa lang ng mga matapat, tumpak, at hindi malabis na pahayag tungkol sa sarili nating mga serbisyo
- Huwag kailanman makialam sa mga kasalukuyang kontrata sa negosyo ng ating mga customer

Kung ano ang dapat gawin kung sakaling talakayin ng isang kakumpitensiya ang di-naaangkop na kasunduan:

- **Magsalita.** Sabihin ang iyong alalahanin at hilingin na itigil ang pagtalakay sa paksang iyon.
- **Kung patuloy pa rin ang pagtalakay, umalis o ibaba ang telepono.** Iwan ang pagpupulong o tapusin ang tawag, agad-agad.
- **Irekord ang iyong pagtutol at pag-alis.** Gumawa ng tala para sa iyong sarili. Tiyakin na ipinapakita ng anumang detalye ng tawag o pagpupulong ang iyong pag-alis.
- **Ipasa sa Global Privacy and Compliance.** Kaagad itong ipaalam sa iyong supervisor at isang miyembro ng Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod.

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa antitrust o mga isyu sa kumpetisyon, makipag-usap sa iyong manager o sa Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod, at balikan ang ating Pandaigdigang Patakaran sa Antitrust at Patas na Pakikipagkumpitensiya. Sumangguni rin sa sumusunod na mga seksyon ng Kodigo: "Pagkolekta ng Impormasyon tungkol sa Ating Mga Kakumpitensiya" at "Pagbebenta at Pag-market nang May Integridad"

PAGKOLEKTA NG IMPORMASYON TUNGKOL SA ATING MGA KAKUMPITENSYA

Ang pagsubaybay sa mga pagsulong sa industriya at pag-unawa sa kalagayan ng kumpetisyon ay nakakatulong na pahusayin ang ating mga solusyon at mas epektibong makipagkumpitensya. Ngunit walang impormasyon para sa pakikipagkumpitensya ang mas mahalaga sa reputasyon ng Iron Mountain o sa ating abilidad na tuparin ang ating pangako na **Kumilos nang may Integridad**.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Maingat at tapat tayo sa pagkolekta, pagtanggap, at paggamit ng kaalaman tungkol sa kalagayan ng kumpetisyon.

IBIG SABIHIN NITO:

- Sumasangguni lamang tayo sa naaangkop na mga sanggunian ng impormasyon (tingnan ang tsart sa ibaba)
- Hindi natin kailanman maling inihahayag ang ating pagkakakilanlan o ang ating employer
- Hindi tayo kukuha ng mga empleyado ng kakumpitensya para makakolekta ng kumpidensyal na impormasyon o himukin ang mga empleyadong iyon na ihayag ang kumpidensyal na impormasyon kapag nagtatrabaho na sila para sa atin
- Lagi tayong magsasagawa ng kontrata at pamumunuan ang lahat ng tagapayo at ahente sa pagsunod ng mga pamantayan at patakaran ng Iron Mountain

Ang "naaangkop na mga sanggunian" ng impormasyon tungkol sa ating mga kakumpitensya ay puwedeng:


- Mga pampublikong website at social media
- Mga artikulo ng balita at mga panayam
- Mga pampinansyal na ulat at filing na nakaharap sa publiko
- Feedback ng customer
- Mga online review
- Mga journal sa industriya at kalakalan
- Impormasyong ipinamahagi sa mga trade show at conference
- Mga talaan ng pamahalaan

Kumonsulta sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod kung may masumpungan kang anuman sa sumusunod:

- "Nahanap" na mga dokumento, gaya ng mga email na may pagkakamaling naipadala sa Iron Mountain
- Mga kumpidensyal na dokumento ng kakumpitensya mula sa anumang pinagmulan, kabilang ang:
 - Mga kontrata o talaan ng presyo
 - Mga dokumento sa diskarte
 - Mga bid o proposal para sa iba pang customer
 - Anumang dokumento na may nakalagay na "Sikreto," "Kumpidensyal" o "Pinagmamay-arian"
- Impormasyong inilabas sa pamamagitan ng paglabag sa karapatang nauugnay sa data o iba pang kriminal na aktibidad

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka kung paano ang naaangkop na pagkolekta o paggamit ng impormasyon tungkol sa ating mga kakumpitensya, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Pandaigdigang Patakaran sa Antitrust at Patas na Pakikipagkumpitensya.



"Hindi natin maaaring iako sa iba ang responsibilidad para sa hindi etikal o ilegal na aktibidad sa pagkolekta ng impormasyon tungkol sa ating mga kakumpitensya."

Team ng Pandaigdigang Kaligtasan ng Iron Mountain

PAG-IWAS SA MGA SALUNGATAN NG INTERES

Para **Maisulong ang Pagiging Kabilang at Pagtutulungan**, tungkulin ng bawat Mountaineer na pigilang makaapekto ang mga personal na interes at relasyon sa mga pagpapasya natin para sa negosyo. Maging ang pahiwatig ng salungatan ng interes ay maaaring magtulak sa ibang tao na pagdudahan ang ating integridad, na maaaring magpahamak sa ating mga team at makahadlang sa kakayahan nating tuparin ang ating mga ipinapangako.

Ito ang dahilan kaya natin iniwasan o inihahayag ang mga sitwasyon na puwedeng makaapekto sa ating pagdedesisyon o magdulot na kumilos tayo sa isang paraan na hindi makabubuti para sa interes ng Iron Mountain.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Kapag kumikilos sa propesyonal na kapasidad, ang ating katapatan ay nakasalalay sa kumpanya.

Ibig sabihin nito:

- Mananatili tayong alerto para sa – at susubukan nating iwasan – ang mga sitwasyon kung saan maaaring magkaroon ng mga alitan
- Agad nating ihahayag ang lahat ng alitan (ito man ay aktuwal, potensyal o hinihinala) sa paraang hinihiling ng ating Patakaran
- Gagawin natin ang mga hakbang para mabawasan ang epekto ng mga alitan kung hindi ito maiiwasan

Maaaring makita sa maraming anyo ang mga salungatan ng interes –

At inilalarawan ng ating Patakaran tungkol sa Salungatan ng Interes kung paano papangasiwaan ang mga ito sa sumusunod na mga larangan:

1. Pagtatrabaho sa ibang kompanya o kakumpitensya o kung saan mahahadlangan ng ipinangakong oras ang kakayahan mong gawin ang iyong tungkulin sa Iron Mountain
2. Mga personal na relasyon sa pagitan ng mga empleyado sa iisang reporting line o sa isa sa ating mga kasosyo sa negosyo
3. Malalaking pampinansyal na interes (5% o higit pa) sa entidad na katransaksyon ng Iron Mountain
4. Pagsisilbi sa mga Lupon ng mga Direktor ng mga komersyal na kompanya o kung saan mahahadlangan ng ipinangakong oras ang kakayahan mong gawin ang iyong tungkulin sa Iron Mountain

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa salungatan ng interes o kung paano ito ihahayag, tingnan ang ating Patakaran tungkol sa Salungatan ng Interes.

PANGANGASIWA AT PAGHAHAYAG NG MGA TUMPAK NA TALAAN

Napakahalaga ng integridad sa ating mga libro, talaan at pampinansyal na pahayag sa pagpapanatili ng ating reputasyon at tiwala na naitaguyod natin sa ating mga stakeholder. Ang wastong paghahayag ng mga talaan na iyon sa publiko ay nakakatulong rin na maudyukan ang pagtiwala sa atin ng mga customer at investor. Kaya naman dapat na aktibo nating pamahalaan ang lahat ng talaan ng negosyo at gawin ang bawat isang hakbang na kinakailangan para matiyak na totoo at malinaw ang mga ito.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Bilang publicly traded na kumpanya, inaatasan tayo na magpanatili at maghayag ng tumpak na mga talaan. Pero bukod pa ryan, mahalagang paraan para sa mga Mountaineer na **Akuin ang Responsibilidad** at **Kumilos nang may Integridad**.

IBIG SABIHIN NITO:

- Maingat nating susundin ang mga pagkontrol sa pinansyal at mga panuntunan sa pamamahala ng mga talaan
- Bibigyan natin ang mga auditor o regulator ng tumpak, kumpleto at napapanahong mga talaan
- Hinding hindi natin babaguhin ang mga detalye ng kita o gastos para matugunan ang tunguhin sa badyet
- Mananatili tayong alerto para sa hindi malinaw o di-suportadong mga transaksyon na maaaring magpahiwatig ng pandaraya o money laundering
- Pananatilihin natin ang mga talaan hanggang kinakailangan o inaatas lamang gaya ng nakasaad sa Iskedyul sa Pandaigdigang Pagpapanatili ng Mga Talaan

Nangunguna ang Iron Mountain

Naiintindihan natin, higit sa anupamang kumpanya, kung paano nagagawa ng epektibong programa ng pamamahala ng mga talaan at impormasyon na pahusayin ang isang organisasyon, pababain ang posibilidad ng panganib at pataasin ang halaga nito.

Gawin ang iyong bahagi sa pamamagitan ng:

- Pagtukoy at pag-uuri sa lahat ng opisyal na talaan ng negosyo, anuman ang format nito
- Pagpapanatili ng mga talaan sa ligtas at maayos na paraan, para makuha ang mga ito nang madali at maasahan
- Pagsira nang ligtas sa mga papel na talaan, gamit ang ating mga ligtas na shred bin
- Mahigpit na pagsunod sa lahat ng Pag-uutos na may Legal Hold

Ang "talaan" ay maaaring pisikal o elektronik, at kasali rito ang:

- Mga email, sulat, voicemail at chat log
- Mga larawan at video
- Mga time sheet
- Mga ulat ng gastos
- Mga purchase order at resibo
- Mga kontrata
- Mga pagtataya ng badyet
- Mga regulatory filing

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa pag-iingat ng pampinansyal na talaan o sa programa sa pamamahala ng mga talaan at impormasyon ng ating kompanya, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang Patakaran sa Pamamahala ng Mga Talaan at Impormasyon.



"Sa pamamagitan ng epektibong pagpapatupad ng mga kasanayan sa hindi pabago-bago at responsableng pag-iingat ng mga talaan, nadaragdagan natin ang kahusayan, nababawasan ang panganib, at naghatid tayo ng halaga sa buong organisasyon."

Patakaran sa Pamamahala ng Mga Talaan at Impormasyon ng Iron Mountain

PAGSUNOD SA MGA INTERNASYONAL NA BATAS AT REGULASYON SA PAKIKIPAGKALAKALAN

Nagpapatakbo tayo ng negosyo sa maraming bansa na nagpapataw ng kontrol sa pag-import at pag-export ng sensitibong kagamitan at datos (gaya ng hardware ng computer at teknolohiya sa pag-encrypt). Mayroon ding mga pandaigdigang paghihigpit sa pakikipagnegosyo sa partikular na mga grupo, indibidwal o bansa. Napakahalaga ng mahigpit na pagsunod sa mga pandaigdigang batas at regulasyon sa pakikipagkalakalan para mapanatili ang ating kakayahan na magsagawa ng negosyo iba't ibang bansa, at isang mahalagang paraan sa pagsasabuhay ng ating Pagpapahalaga sa **Kaligtasan at Seguridad**.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Maaaring maging peligroso ang pakikilahok sa komersyo sa malawak at internasyonal na antas.

Kaya naman:

- Umiiwas tayong magbenta sa o makipagsosyo sa mga indibidwal o organisasyon na hindi pa nasuri laban sa mga pagpaparusa ng gobyerno o nasa mga boycott list
- Naghihigpit tayo sa pag-access ng di-awtorisadong mga empleyado mula sa pag-access sa impormasyon ng customer na maaaring nasa ilalim ng pagkontrol ng ilang partikular na kasunduan at mga regulasyon
- Nakikipagtulungan tayo sa ating mga customer at sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod para matiyak na mayroon tayong naaangkop na pahintulot na maglipat ng pinaghihigpitang data sa mga hangganan
- Sinusubaybayan natin ang mga kasosyo sa negosyo sa ating supply chain para matiyak na nasasangkapan rin sila para makasunod
- Kinokonsulta natin ang Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod kung nagpapalawak tayo sa bagong bansa o bumubuo tayo ng kagamitan o teknolohiya na maaaring i-export

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa internasyonal na mga paghihigpit at regulasyon sa kalakalan, makipag-usap sa Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod at kumonsulta sa ating Patakaran sa Pang-Internasyonal na Pagpapahintulot at Pakikipagkalakalan.



PAGHADLANG SA PANUNUHOL AT KATIWALIAN

Naipapahamak ng katiwalian at panunuhol ang mga komunidad, isinasapanganib ng mga ito ang ating reputasyon, at maaaring magdulot ang mga ito ng malalaking multa at pagkakakulong. Anuman ang lokal na kultura o nakasanayan ng iba pang kompanya, iiwasan ng Iron Mountain (at ng ating mga kasosyo sa negosyo) maging ang mga pagpapahiwatig ng hindi wastong kilos — lalo na kapag nakikipagtransaksyon sa mga opisyal ng gobyerno.



Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Laging pipiliin ng Iron Mountain na tumanggi sa customer bago magbayad ng suhol para makakuha nito.

IBIG SABIHIN NITO:

- Hindi tayo kailanman nag-aalok, nangangako, o nagbibigay ng anumang may halaga para makakuha ng customer o ng hindi karapat-dapat na lamang
- Pinipili (at sinusubaybayan) natin ang mga third party na nakikibahagi sa ating pangako laban sa katiwalian at panunuhol
- Nagpapanatili tayo ng mga listahan at talaan na ganap at tumpak na naglalarawan ng lahat ng pagbabayad at gastusin

Ano ang panunuhol?

Ang panunuhol ay nauugnay sa pagbibigay ng anumang may halaga para impluwensyahan kung paano isasagawa ng isang tao, sa gobyerno o sa pribadong sektor, ang kanyang mga tungkulin, o para makakuha ng hindi karapat-dapat na kalamangan sa negosyo. Kahit na hindi tanggapin ang panunuhol, ilegal pa rin ito at labag sa patakaran ng Iron Mountain.

Ang suhol ay maaaring maging anumang bagay na mahalaga, hindi lang basta pera. Maituturing na suhol ang alok na mapagkawangawang kontribusyon, diskuwento o maging trabaho o internship.

Pagsunod sa Lahat ng Batas na Naaangkop

Isa tayong pandaigdigang kumpanya at mahigpit nating sinusunod ang mga batas laban sa panunuhol at katiwalian sa bawat bansa kung saan tayo may operasyon — ito man ay sa pederal, pang-estado o lokal na antas. Kasama rito ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act, ang U.K. Bribery Act and the Brazil Clean Companies Act.

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa panunuhol o katiwalian, makipag-usap sa iyong manager o sa Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod, at balikan ang ating Patakaran Laban sa Panunuhol at Katiwalian.

NAAANGKOP NA PAGBIBIGAYAN NG REGALO AT HOSPITALIDAD

Napakahalaga ng pagbuo ng malalakas na ugnayan sa mga customer at kasosyo. Maaaring maging naaangkop na paraan ng pagpapakita ng pasasalamat ang pagbibigayan ng mga regalo, at makakatulong ang pagbibigay ng hospitalidad sa pagtalakay natin ng mga paksa sa negosyo at pagpapakita ng ating mga serbisyo. Bagaman maaaring maging lehitimong paraan ng pagtataguyod ng pagtitiwala ang mga regalo at hospitalidad, hindi kailanman maaaring gamitin ang mga ito para sa hindi wastong pag-impluwensiya sa ating mga pagpapasya sa negosyo. Kaya naman dapat na makatuwiran ang mga ito at nakakasunod sa patakaran ng kumpanya.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Bagaman iba-iba ang lokal na mga kultura kaugnay ng mga regalo at hospitalidad, lagi tayong magiging nakatuon sa ating Mga Prinsipyo at magkakaroon ng pananagutan sa ating Kodigo.

IBIG SABIHIN NITO ANG LAHAT NG REGALO AT HOSPITALIDAD NA INIAALOK NATIN AY DAPAT NA:

- Para sa lehitimong layunin (gaya ng pagtulong na maipakita ang isang serbisyo)
- Inaprubahan sa ilalim ng sarili nating mga patakaran (tingnan ang Tsart sa Antas ng Pag-apruba) at pinapahintulan ng mga patakaran ng tatanggap
- Nakakasunod sa lokal na batas
- Makatuwiran sa halaga, at hindi sa anyo ng pera o mga gift card
- Naaangkop sa ilalim ng mga sitwasyon (hindi kailanman nakakapagpahiya o posibleng makasira sa ating reputasyon)
- Tumpak na nakatala at ipinapakita sa ating mga listahan at talaan

Bilang karagdagan sa mga salik na nakalista sa itaas, ang mga regalo at hospitalidad ay dapat na:

- Hindi hiningi
- Tinanggihan, kung ito ay inialok ng mga vendor malapit sa panahon ng pagpapasya sa procurement
- Mas mababa sa \$100 para sa mga regalo at \$250 para sa hospitalidad malibang inaprubahan gaya ng inilarawan sa ating Patakaran

Tsart sa Antas ng Pag-apruba: Pag-aalok ng mga Regalo at Hospitalidad

PAGBIBIGAY (Hindi lalampas sa Apat kada Tatanggap kada Taon)	MGA REGALO (Mga pagpapakita ng pasasalamat, gaya ng mga bulaklak o tsokolate)	HOSPITALIDAD (pagbibiyahen at matutuluyan na nauugnay sa pagpapakita ng mga serbisyo ng Iron Mountain)
Sa isang Pampublikong Opisyal	Laging hingin ang pag-apruba mula sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod	Laging hingin ang pag-apruba mula sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod
Sa Kasalukuyan o Potensyal na Customer	Hingin ang pag-apruba mula sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod kung >\$100	Hingin ang pag-apruba mula sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod kung >\$250
Sa Kapwa Mountaineer	Dapat na makatuwiran at karaniwang hindi maaaring isumite para sa pag-reimburse	Dapat na makatuwiran at karaniwang hindi maaaring isumite para sa pag-reimburse

Karagdagang Panuntunan para sa mga Pampublikong Opisyal

Nangangailangan ng higit na pag-iingat ang pakikipagtransaksyon sa mga pampublikong opisyal. Ang pinapahintulutan para sa mga komersyal na kumpanya ay maaaring ilegal kapag nakikipagtransaksyon sa mga pampublikong opisyal. Laging humingi ng pag-apruba mula sa Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod bago magbigay ng anumang may halaga sa isang pampublikong opisyal.

Ang Terminong "Pampublikong Opisyal" ay may malawak na kategorya at kasali rito ang:

- Lahat ng hinalal at itinalagang opisyal sa gobyerno, kahit na part-time
- Mga empleyado ng mga ahensya ng gobyerno
- Mga empleyado ng mga negosyo at organisasyon, kasama ang mga bangko, unibersidad o ospital
- Mga kandidato sa pulitika

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa Mga Regalo at Hospitalidad, makipag-usap sa iyong manager o sa Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod, at balikan ang ating Patakaran sa mga Regalo, Hospitalidad, at Kontibusyon sa Kawanggawa.

MGA MAPAGKAWANGGAWANG KONTRIBUSYON

Ipinagmamalaki ng Iron Mountain ang pagsuporta sa maraming mapagkawanggawang adbokasiya sa ating mga komunidad.

Lahat ng mapagkawanggawang kontribusyon na ginawa para sa Iron Mountain — sa pamamagitan man ng donasyon o pagboboluntaryo — ay dapat isumite sa online portal ng Mga Regalo at Hospitalidad.

PAGBIBIGAY NG KAKAYAHAN SA ATING MGA TEAM





ANG MGA TAO NATIN

ANG ATING

PINAKAMAHALAGANG

PAG-AARI

40 Paggalang at Pagprotekta sa mga Kapwa Mountaineer

42 Pagpapahalaga sa Pagiging Kabilang at Pagkakaiba-iba

44 Pagsasabuhay ng Kaligtasan 24/7

46 Ligtas at Responsableng Paggamit sa mga Sistema ng Teknolohiya at Impormasyon

48 Pag-iingat sa Ating Kumpidensyal na Impormasyon at Intelektwal na Pag-aari

50 Pagprotekta sa Ating Pinakamahahalagang Pag-aari

52 Epektibo at Responsableng Paggamit ng Social Media

54 Pagbebenta at Pag-market nang May Integridad

PAGGALANG AT PAGPROTEKTA SA MGA KAPWA MOUNTAINEER

Hindi lang ilegal at mapanganib ang panggigipit, diskriminasyon at mga pagbabanta — nagagawa rin nitong pababain ang moral, at magbunsod ng pag-aalinlangang magtiwala at kawalan ng galang na nakakapigil sa atin na makamit ang ating ganap na potensyal. Sa pamamagitan ng pagtulong sa paglikha ng lugar ng trabaho na ligtas at may paggalang, nakakatulong tayong makabuo ng isang kumpanya kung saan may boses at may kakayahang magtagumpay ang bawat Mountaineer.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Naninindigan tayo sa ang isang lugar ng trabaho kung saan walang nagaganap na diskriminasyon, panggigipit, pambu-bully, karahasan o iba pang anyo ng mapang-abusong paggawi.

IBIG SABIHIN NITO:


- Lagi nating pinapakitunguhan ang mga kapwa Mountaineer nang may dignidad at galang
- Gumagawa tayo ng mga pagpapasya sa pagbibigay ng trabaho batay sa husay — hindi sa lahi, relihiyon, etnisidad, edad, kapansanan, kasarian o sekswal na oryentasyon
- Hinahadlangan natin ang karahasan sa lugar ng trabaho sa pamamagitan ng:
 - Pagsasagawa ng masinsinang pagsusuri ng background
 - Pagiging alerto sa mga babalang senyales gaya ng pagsigaw o pagtatapon ng mga gamit
 - Pagpapaliit ng mga argumento at pagtulong na lutasin ang mga alitan
 - Pag-uulat ng mga pagbabanta ng karahasan o mga sandata sa lugar ng trabaho
 - Pagtawag sa awtoridad kung may nakaambang panganib at pagkatapos ay iulat ito sa iyong manager o sa Pandaigdigang Kaligtasan, Panganib, at Seguridad

Ang panggigipit at mga pagbabanta ay maaaring maging...

- Mga bagay na **sinasabi natin** – gaya ng pagsasabi ng mga nakakasakit na biro o panghahamak ayon sa lahi
- Mga bagay na **ipinapakita natin** – gaya ng pagpapakalat ng graffiti o paglalagay ng mga hindi kanais-nais na bumper sticker sa isang sasakyan
- Mga bagay na **ginagawa natin nang personal** – gaya ng paggawa ng kahalayan o pasadyang pagharang sa daan ng isang tao
- Mga bagay na **ginagawa natin online** – gaya ng pambu-bully sa social media o paggawa ng profile para gumawa ng mga mapa nirang pahayag

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa diskriminasyon, panggigipit o karahasan sa lugar ng trabaho, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Patakaran Laban sa Diskriminasyon, Panggigipit, at Pambu-bully, at ang ating Patakaran sa Pag-uulat ng Di-wastong Asal



PAGPAPAHALAGA SA PAGIGING KABILANG AT PAGKAKAIBA-IBA

Isang mahalagang bahagi ng ating tagumpay ang panghihimok, pagpapaunlad, at pagbibigay ng kakayahan sa mga indibidwal na may malawak na hanay ng mga karanasan abilidad at pananaw. Sa pamamagitan ng pagtitiwala sa mga natatanging katangian at pinagmulan ng isa't isa, pinapayaman natin ang ating lugar ng trabaho, nakakalutas tayo ng mga problema nang mas malikhain at mas nauunawaan natin ang mga pangangailangan ng mga customer natin. Nakakatulong ang pagsasama ng at paggalang sa pagkakaiba-iba sa ating mga pagtatalakay na lubusin ang naiaambag ng bawat empleyado at binibigyang-daan tayo nito na gumawa ng mga tamang pasya.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Gumagawa tayo ng inklusibong lugar ng pagtatrabaho kung saan pinapahalagahan natin ang at natututo tayo mula sa ating mga pagkakaiba.

IBIG SABIHIN NITO:

- Kusa tayong naghahanap ng mga alternatibong paraan ng pagkilos at pag-iisip
- Nakikinig tayo sa opinyon ng lahat nang may paggalang — anuman ang posisyon sa kumpanya
- Isinasaalang-alang natin ang kahalagahan ng pagkakaiba-iba kapag nangangalap ng tao at bumubuo ng mga team
- Bukas tayo sa pagbabahagi ng kaalaman sa mga makikinabang dito — lalo na sa mga bagong Mountaineer

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa ating pagtuon sa pagiging kabilang at pagkakaiba-iba, makipag-usap sa iyong manager o bumisita sa ating Portal para sa Panlipunang Responsibilidad ng Kumpanya.



PAGSASABUHAY NG KALIGTASAN 24/7

Sa Iron Mountain, walang mas mahalaga kaysa sa ating kalusugan, kaligtasan at seguridad. Kapag nabigo tayong sundin ang ating mga pamamaraan, nailalagay natin ang ating pinakamahalagang mapagkukunan — ang ating mga Mountaineer — sa panganib. Nagsisikap tayo nang husto upang matiyak ang isang malusog, ligtas at may seguridad na kapaligiran ng trabaho para tayo ay maging mas nakatuon, mas produktibo at mas nakapokus sa pagpapasaya sa ating mga customer.



Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Sa Iron Mountain, ang kaligtasan hindi mapagkakailang napakahalaga. Walang target o sukatan sa pagpapatakbo na mas mahalaga sa kaligtasan at seguridad ng isang Mountaineer.

Ibig sabihin nito:

Itaguyod ang Kaligtasan

- Laging sumunod sa mga kahilingan ng kumpanya kaugnay ng kaligtasan
- lulat ang lahat ng insidente at mga bagay na muntik nang maging pagkakamali
- Mamagitan sa anumang pagkilos na hindi ligtas
- Maghanap ng mga paraan upang pahasayin ang kaligtasan araw-araw
- Maging responsable para sa kaligtasan mo at ng mga nasa paligid natin
- Gawin lamang ang mga trabaho kung saan tayo sinanay
- Ihinto ang trabahong hindi magagawa nang ligtas

Panatilihin ang Pisikal na Seguridad

- Palaging i-lock ang mga sasakyan, i-activate ang mga alarm, at ingatan ang mga kagamitan ng Iron Mountain (gaya ng mga laptop at cell phone)
- Huwag iwanang nakabukas ang mga pinto o hayaan ang mga tao na sundan ka sa ating mga pasilidad
- lulat o magalang na pagsabihan ang sinumang hindi nakasuot ng Iron Mountain badge

Itaguyod ang Lugar ng Trabaho na Walang Anumang Alkohol/Droga

- Pumasok sa trabaho nang wala sa impluwensya ng droga o alkohol
- Makipag-ugnayan sa iyong manager o sa Human Resources kaugnay ng problema sa droga o alkohol — may mga mapagkukunan ang kumpanya para makatulong
- Magsalita kung makakakita ka ng katrabahong nasa impluwensya habang nasa trabaho

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa kaligtasan, seguridad o sa ating patakaran sa lugar ng trabaho na walang anumang alkohol/droga, makipag-usap sa iyong manager.



"Alam ng bawat Mountaineer na hindi maipagkakailang napakahalaga ng kaligtasan."

Team ng Pandaigdigang Kaligtasan ng Iron Mountain

LIGTAS AT RESPONSABLENG PAGGAMIT SA MGA SISTEMA NG TEKNOLOHIYA AT IMPORMASYON

Tinutulungan tayo ng ating mga sistema ng teknolohiya at impormasyon na magtrabaho nang mas produktibo, mas epektibong makipag-ugnayan at makapagbigay ng mas mahusay na serbisyo sa ating mga customer. Sa pamamagitan ng pagprotekta sa ating teknolohiya at sa naaangkop na paggamit nito, tayo ay **Nagtatag ng Halaga ng Customer** — napa-pasaya natin ang mga customer habang nagsusulong tayo ng bagong paraan para tugunan ang mga pangangailangan nila.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Kung gagamitin nang hindi wasto ang ating mga sistema ng teknolohiya at impormasyon, maaari nitong ubusin ang ating mga mapagkukunan, isapahamak ang ating seguridad, at mapinsala ang ating brand at reputasyon.

UPANG MAPIGILAN ITO:

- Ibibigay natin ang access sa mga sistema sa mga awtorisadong indibidwal lang, at aalisin ang access kapag hindi na ito kailangan.
- Hindi tayo maglalagay ng kumpidensyal na impormasyon sa mga hindi inapubahang site sa Internet o social media
- Hindi tayo kailanman magpapadala ng mga mensaheng may mapanggipit o nakakasakit na nilalaman
- Isaalang-alang natin ang mga implikasyon sa pagkapribado kapag pumipili at nagpapatupad ng mga bagong sistema
- Susundin natin ang mga pamamaraan para matiyak na ligtas na nabura ang data bago magtapon ng mga kagamitan
- liwasan natin hangga't maaari ang hindi nauugnay sa negosyo na paggamit sa ating mga sistema ng teknolohiya at impormasyon

Seguridad ng Impormasyon

Mas lalo tayong dumedepende sa ating mga network at sa data na nilalaman ng mga ito. Kailangan nating patuloy na subaybayan at tugunan ang malalaking panganib na idinudulot ng mga hack, breach, at kakulangan sa seguridad.

Para makatulong sa pagpapanatiling ligtas ng ating mga sistema ng impormasyon:

- Kinukumpleto natin sa takdang oras ang lahat ng pagsasanay tungkol sa seguridad ng impormasyon
- Iniiwasan nating bisitahin ang hindi naaangkop na mga website
- Hindi tayo magda-download ng software na hindi naaprubahan o magbubukas ng kahina-hinalang attachment.
- Poprotektahan natin ang mga detalye ng ating pag-login
- Ikonekta lamang natin ang ating personal na device sa network ng Iron Mountain kapag awtorisado ito
- Mananatili tayong alerto sa mga phishing scam o iba pang pagtatangka na pasukin ang ating mga sistema o account

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa seguridad ng impormasyon o sa katanggap-tanggap na paggamit sa ating mga sistema ng teknolohiya at impormasyon, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit.



PAG-IINGAT SA ATING KUMPIDENSYAL NA IMPORMASYON AT INTELEKTUWAL NA PAG-AARI

Ang ating kumpidensyal na impormasyon ng negosyo at intelektwal na pag-aari ay mga napakahalagang pag-aari na itinaguyod sa loob ng ilang dekada. Kapag wala ang mga ito, hindi natin maipapagpatuloy ang pagsusulong ng bagong paraan, pagpapahusay sa ating mga serbisyo at pagpapasaya sa ating mga customer. Kaya dapat nating gawin ang ating buong makakaya para matiyak na ligtas at napoprotektahan laban sa di-wastong paggamit ang mga intelektuwal na pag-aari na ito.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Lahat tayo ay may mahalagang tungkulin sa pagprotekta ng ating kumpidensyal na impormasyon at intelektuwal na pag-aari mula sa di-wastong paggamit at di-awtorisadong paghahayag.

PARA MAKATULONG SA PAGKAMIT NG PANGAKONG ITO:

- Nagbabahagi lang tayo ng impormasyon sa mga awtorisadong indibidwal na may lehitimong pangangailangang pangnegosyo
- Tinitiyak natin na nailapat ang mga kasunduan ng hindi paghahayag bago magpalabas ng kumpidensyal o pinagmamay-ariang impormasyon sa labas ng kumpanya
- Iniingatan natin ang mga dokumento, data, at device alinsunod sa ating mga patakaran sa seguridad
- Nagtatapon lang tayo ng mga papel na dokumento gamit ang ating mga ligtas na shred bin
- Iniiwasan natin na magtalakay ng kumpidensyal na impormasyon sa publiko at gagawin natin ang mga hakbang para mapigilan na makita ito ng ibang tao sa ating mga mobile device
- Iniulat natin ang hindi naaangkop na paggamit o hindi pinapahintulatang paghahayag sa management, Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod o Pandaigdigang Kaligtasan, Panganib, at Seguridad

Kasama sa kumpidensyal na impormasyon at intelektwal na pag-aari ang...

- Mga dokumento sa diskarte
- Mga kontrata
- Mga listahan ng customer
- Mga sheet ng presyo
- Mga daloy ng trabaho at pamamaraan sa operasyon
- Mga plano sa marketing
- Mga hindi pampublikong pampinansyal na impormasyon o projection
- Impormasyon tungkol sa mga merger at acquisition
- Mga materyal ng pagsisiyasat o pag-audit
- Impormasyong nauugnay sa empleyado

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa kumpidensyal at pinagmamay-ariang impormasyon, kumonsulta sa ating Patakarang sa Klasipikasyon at Paghawak ng Impormasyon o makipag-ugnayan sa Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod.



PAGPROTEKTA SA ATING PINAKAMAAHALAGANG PAG-AARI

Nasa puso ng pangakong ibinigay natin sa ating mga customer at empleyado ang Ating Prinsipyo, **Sariling Kaligtasan at Seguridad**. Sa pamamagitan ng pagtiyak na ligtas ang ating mga pasilidad at mga nilalaman nito at pagpapanatiling walang pagnanakaw, pandaraya o pinsala sa ating kumpanya, natutupad natin ang ating mga pangako sa serbisyo at maaasahan ang pagpopondo sa mga operasyon natin.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Lagi nating sinusuri ang mga panganib at pinapahusay ang ating pagkontrol para makatulong sa pagprotekta ng ating kumpanya at

IBIG SABIHIN NITO:

- Lagi nating isusuot ang ating badge ng pagkakakilanlan ng Iron Mountain — at siguruhing gagawin din ito ng iba.
- Kaagad nating iuulat ang mga sirang alarm o sirang kagamitan na pamatay-sunog
- Mananatili tayong alerto para sa mga di-awtorisadong indibidwal sa loob at labas ng ating mga pasilidad
- Sisiguruhin natin na ginagamit lamang ang mga pondo ng kumpanya para sa negosyo at hindi para sa personal na layunin
- Illalarawan natin nang husto at tumpak ang pagbibiyaha, paglilibang at iba pang gastusin
- Lagi nating suriin ang mga ulat ng gastusin ng ating mga empleyado
- Gagawin natin ang Procurement kapag bumibili ng mga pag-aari ng kumpanya

Ang Kalaban ng Pandaraya: Isang Etikal na Mountaineer

Maaaring maganap sa marami at iba't ibang paraan ang pandaraya, pagsasayang, at pang-aabuso at maaari nitong mailagay sa malubhang kapahamakan ang ating negosyo at mga operasyon. Ang paninindigan ng isang Mountaineer sa pagsasabuhay ng ating Kodigo at Mga Prinsipyo ang pinakasiguradong paraan upang hadlangan at tukuyin ito, at iwasto ito kung magaganap.

Ang ibig sabihin ng Pag-ako sa Responsibilidad ay pagpapaalam kaagad sa iyong manager o sa Ethics Line ng anumang aktibidad na maaaring nagpapakita ng krimen tulad ng pandaraya o money laundering, gaya ng:

- Pamemeke o hindi naaangkop na pagbabago sa mga talaan ng kumpanya
- Palsipikasyon ng mga claim sa gastusin
- Paglustay o maling paggamit sa mga pag-aari ng kumpanya para sa personal na kapakinabangan
- Sinasadyang paggawa o pagbabayad ng mga maling paghahabol o invoice
- Sinasadyang pagpapababaw o pagtatago sa mga pananagutan at pagkalugi
- Paglilipat ng mga pondo sa iregular na paraan
- Pag-onboard sa isang customer na kulang o pabago-bago ang impormasyon

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa pagprotekta sa ating mga pag-aari mula sa di-wastong paggamit o pandaraya, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Patakaran sa Pandaigdigang Pasilidad at ang ating Patakaran sa Pandaigdigang Progresibong Pagdidisiplina



EPEKTIBO AT RESPONSABLENG PAGGAMIT NG SOCIAL MEDIA

Makapangyarihang tool ang social media at nagbibigay-daan ito sa atin na madaling makapagbahagi ng impormasyon at epektibong makipag-ugnayan sa ating mga customer at iba pang stakeholder. Sa kabilang banda, maaaring maipahamak ng maling paggamit nito ang ating mga tao at mailagay sa panganib ang ating reputasyon. Dahil patuloy na lumalaki ang papel ng social media sa ating personal at propesyonal na buhay, mahalagang gamitin ang buong potensyal nito habang tinatandaan ang mga panganib na kasama nito.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Ang ibig sabihin ng epektibo at responsableng paggamit ng social media ay:

- Pinoprotektahan natin ang mga detalye ng ating account laban sa pagnanakaw o di-wastong paggamit
- Lagi tayong magalang at propesyonal sa mga pakikipag-ugnayan online
- Huwag nating ilagay ang kumpidensyal na impormasyon ng kumpanya sa social media
- Huwag na huwag nating gamitin ang social media para magsagawa ng panggigipit, pambu-bully o aktibidad na ilegal o lumalabag sa ating Kodigo
- Tinutugunan natin ang mga customer kapag nakikipag-ugnayan sila sa social media, ngunit isinasangguni natin sila sa Customer Service upang lumutas ng mga partikular na isyu
- Ipinapakilala natin ang ating mga sarili bilang empleyado ng Iron Mountain kapag nagpo-post tungkol sa kumpanya o ating mga serbisyo
- Sinasabi natin na pansarili, personal, at hindi mula sa Iron Mountain ang ating mga opinyon
- Sinusunod natin ang naaangkop na patnubay mula sa Legal at HR kapag gumagamit ng nilalaman ng social media sa pagpapasya sa pagbibigay ng trabaho

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa epektibo at responsableng paggamit ng social media, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Patakaran sa Social Media.



PAGBEBENTA AT PAG-MARKET NANG MAY INTEGRIDAD

Bilang mga Mountaineer, labis nating ipinagmamalaki ang kalidad ng ating mga serbisyo at ang halagang ihinahatid natin sa ating mga customer. Sa pamamagitan ng paghahayag nito nang matapat at walang paglalabis, nagtataguyod tayo ng tiwala sa ating brand at kumpiyansa sa merkado. Wala ka mang tungkuling magbenta o mag-market, ang bawat pakikipag-ugnayan sa labas ng ating kumpanya ay pagkakataong mag-iwan ng positibo at nagtatagal na larawan ng Iron Mountain.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Kapag nagbebenta at nagma-market, Nagtatatag tayo ng Halaga ng Customer sa pamamagitan ng:

- Pagbibigay-pansin sa ating husay, sa halip na siraan ang mga kakumpitensya natin
- Hindi pagbibigay ng mali o malabis na paglalarawan ng ating mga serbisyo
- Hindi kailanman paggamit ng mga bali-balita, maling impormasyon o ilegal na dokumentasyon upang makipag-ugnayan sa mga customer
- Paggalang natin sa mga copyright, logo at iba pang intelektwal na pag-aari
- Pagsunod sa naaangkop na mga batas at patakaran ng kumpanya na may kinalaman sa:
 - Mga komunikasyon sa customer at anti-spam
 - Mga kinakailangan sa abiso at pahintulot
 - Mga kagustuhan tungkol sa pakikipag-ugnayan para sa marketing

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa pagbebenta at pagma-market, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Patakaran sa Antitrust at Patas na Kompetisyon. Sumangguni rin sa "Pagkolekta ng Impormasyon tungkol sa Ating mga Kakumpitensya" na seksyon ng Kodigo.



PAGTATAGUYOD NG TIWALA SA MGA CUSTOMER AT MGA KOMUNIDAD





UMAABOT SA LABAS NG ATING MGA PADER ANG MUNDO NG IRON MOUNTAIN

- 60** Paggalang sa Pagkapribado
- 62** Pagprotekta sa Kapaligiran at Pag-aambag sa Ating mga Komunidad
- 64** Paggalang sa Mga Karapatang Pantao at Paghadlang sa Modernong Pang-aalipin
- 66** Pagpili ng Tamang Mga Kasosyo
- 68** Pagprotekta sa Ating Brand at Reputasyon
- 70** Pulitika sa Loob at Labas ng Lugar ng Trabaho
- 72** Pagbabawal sa Insider Trading

PAGGALANG SA PAGKAPRIBADO

Pangunahin sa mga ginagawa natin ang pagprotekta sa personal na data ng ating mga customer, kapwa Mountaineer at kasosyo sa negosyo. Kapag iginagalang natin ang pagkapribado ng isang indibidwal, nagtataguyod tayo ng tiwala at pinapahusay natin ang ating reputasyon bilang isang kumpanyang mas pinipili ng mga tao sa kanilang pagkikipagtransaksyon. Dahil sa mga iyon, napakahalagang gamitin lang natin ang personal na data para sa mga lehitimong layunin sa negosyo at protektahan ito mula sa di-awtorisadong access, pagbabago o paghahayag.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Nakatuon tayo sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na kinakailangan sa privacy at proteksyon ng data.

IBIG SABIHIN NITO:

- Kinikilala natin ang "personal na data" at ang iba't ibang anyo nito
- Pinoproseso natin ang personal na data para sa mga lehitimong layunin, alinsunod sa ating mga kontrata at sa batas
- Ligtas at responsable nating inii-store at tina-transmit ang personal na data
- Ihahayag lang natin ang personal na data sa mga taong kailangan itong makita dahil sa pangangailangan sa negosyo
- Tinitiyak natin na may pinirmahang kasunduan ang mga third party bago ibahagi sa kanila ang personal na data
- Sasangguni tayo sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod bago ang paglilipat, pag-acces o pagtingin sa personal na data sa buong hangganan ng bansa
- Kaagad sa iyong manager o nating iuulat ang pagkawala o di-wastong paggamit ng personal na data sa isang manager; Pandaigdigang Kaligtasan, Panganib, at Seguridad o Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod

Personal na Datos ng Empleyado

Sa maraming bansa, mayroon tayong karagdagang obligasyon na may kinalaman sa data ng empleyado, gaya ng:

- Pagbibigay ng malinaw at tumpak na mga abiso sa pagkapribado sa mga empleyado at nag-a-apply ng trabaho.
- Pagpapaalam sa Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod bago gumamit ng mga bagong IT application, sistema o vendor na nagpoproseso ng personal na data
- Pagsira sa personal na data kapag hindi na ito kailangan, alinsunod sa mga kinakailangan sa pagpapanatili ng datos ng ating kumpanya

Nag-iiba-iba ang kahulugan ng "personal na data" sa buong mundo

Sa pangkalahatan, nailalapat ito sa impormasyong nakakatukoy nang direkta o hindi direkta sa isang tao.

Kabilang sa mga halimbawa ang:

- Pangalan
- Address
- Numero ng telepono
- ID ng empleyado
- Email address
- IP address
- Impormasyon ng bangko o credit card
- Policy number ng insurance
- Litrato
- Impormasyon ng kalusugan o medikal na impormasyon
- Impormasyon hinggil sa genetics
- Biometric na impormasyon
- Data ng heograpikong lokasyon
- Talaan ng nakaraang binisita sa browser
- Login ID o online screen name

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa privacy ng data, makipag-usap sa iyong manager, Team ng Pandaigdigang Pagkapribado at Pagsunod at balikan ang ating Pandaigdigang Patakaran sa Pagkapribado.



PAGPROTEKTA SA KAPALIGIRAN AT PAG- AAMBAG SA ATING MGA KOMUNIDAD

Bilang kumpanya at mga indibidwal na Mountaineer, tungkulin nating maghatid ng positibong pagbabago, sa pandaigdigang at lokal na antas. Nakakamit natin ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa maraming komunidad kung saan tayo nakatira at may mga operasyon, at sa pamamagitan ng pagbuo ng mga solusyon na nakapagpapataas ng sustainability at nakapagbabawas ng mga epekto sa kapaligiran.



Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Sinisikap nating maging mabubuting tagapangasiwa sa kapaligiran at mga kasosyo sa ating komunidad.

IBIG SABIHIN NITO:

- Sinusunod natin ang lahat ng batas at regulasyon para sa kapaligiran saanman tayo mayroong operasyon
- Tinutukoy natin ang mga oportunidad sa pagbabawas ng basura at polusyon sa ating negosyo
- Tumutulong tayo na mapanatili ang ating makasaysayang tradisyon sa pamamagitan ng Inisyatibo sa Pagsasabuhay ng Legacy
- Hinihikayat natin ang mga Mountaineer na maglaan ng oras para magboluntaryo
- Luulat natin sa publiko ang progreso ng ating kumpanya tungkol sa mga inisyatibo nito sa kapaligiran, programa sa responsibilidad ng kompanya at mapagkawangawang kontribusyon

Alamin ang higit pa

Kung may mga tanong ka tungkol sa ating sustainability o mga inisyatibo sa kapaligiran at responsibilidad ng kompanya, balikan ang ating Ulat sa Responsibilidad ng Kompanya.

PAGGALANG SA MGA KARAPATANG PANTAO AT PAGHADLANG SA MODERNONG PANG-AALIPIN

Bahagi ng pangakong ibinigay natin sa ating mga tao at komunidad sa buong mundo ang pagsuporta at paggalang sa mga karapatang pantao. Naniniwala tayo na lahat ng indibidwal ay may karapatang pakitunguhan nang may dignidad at galang, at iniaatas natin sa mga kasosyo sa ating buong supply chain na makibahagi sa ating pangako nang may katulad na matataas na pamantayan.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Pinakitunguhan natin ang ibang tao kung paano natin gustong mapakitunguhan at nagsasagawa tayo ng mga makabuluhang hakbang para mapanatili at maprotektahan natin ang mga karapatang pantao at mapigilan ang modernong pang-aalipin.

Bilang bahagi ng ating pangako:

- Nagbibigay tayo ng mga naaangkop na kondisyon ng pagtatrabaho; oras at kabayaran sa lahat ng Mountaineer
- Hindi tayo kailanman kumukuha ng mga manggagawang bata, preso, o alipin — at susuriin natin kung pinapanatili ng ating mga kasosyo ang pangakong ito
- Iniaatas natin sa mga third party na nagbibigay ng serbisyo na tanggapin at sundin ang ating Kodigo ng Asal para sa Supplier
- Ipinagbibigay-alam natin agad kung may masasaksihan o paghihinalaan tayong paglabag sa mga karapatang pantao

Alamin ang higit pa

Kung may mga tanong ka tungkol sa ating pangako sa karapatang pantao, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Ulat sa Responsibilidad ng Kompanya at ang ating Kodigo ng Asal para sa Supplier.



PAGPILI NG MGA TAMANG KASOSYO

Nagbibigay-daan sa atin ang mga pakikipagsosyo sa mga angkop na kumpanya na umasenso at makapag-alok ng mga pinakabagong solusyon sa ating mga customer at empleyado. Pero hindi natin kailanman hinihiling sa mga third party na magsagawa ng mga bagay na hindi natin mismong gagawin. Kung hindi natutugunan ng mga kasosyo natin ang ating mga inaasahan o nasangkot sila sa kahinahinalang paggawi o salungatan ng interes, mararanasan natin at ng ating mga customer ang negatibong epekto nito. **Inaako Natin ang Responsibilidad** sa pamamagitan ng maingat na pagpili ng tamang mga kasosyo, pagsubaybay sa mga gawi nila at pagpapanagot sa kanila kapag kinakailangan.



Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Inilalagay natin ang ating mga sarili sa pinakamatataas na etikal na pamantayan, at inaasahan natin na gagawin rin ito ng ating mga kasosyo sa negosyo (kasali rito ang mga supplier, ahente, contingent worker at iba pang nagtatrabaho sa ngalan natin).

Ibig sabihin nito:

- Susundin natin ang bawat hakbang ng ating mahigpit na proseso sa procurement
- Titiyakin natin na may wastong mga kasanayan at karanasan para sa trabaho ang ating mga kasosyo
- Makikipagsosyo lang tayo sa mga kumpanyang sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas sa pagtatrabaho at karapatang pantao
- Magiging alerto tayo sa mga hindi magandang senyales tungkol sa reputasyon ng kumpanya, pinansyal na kasaysayan o hiniling na mga tuntunin sa pagbabayad
- laatas natin ang nasusulat na kontrata na:
 - Nagbubuklod ng mga kasosyo sa ating mga patakaran at prinsipyo ng ating Kodigo ng Asal para sa Supplier
 - Humiling ng mahigpit na pagsunod sa mga batas laban sa antitrust, panunuhol at modernong pang-aalipin
 - Nililimitahan ang pagkolekta at paggamit ng personal na data
 - Naglalaman ng matatag na mga tuntunin sa pagiging kumpidensyal at hindi paghahayag
 - Nagbibigay sa Iron Mountain ng naaangkop na mga karapatan sa pag-audit at terminasyon

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga pamantayan at sa ating mga inaasahan na naaangkop sa ating mga kasosyo, makipag-usap sa iyong manager o sa Procurement Department at balikan ang ating Kodigo ng Asal para sa Supplier.



PAGPROTEKTA SA ATING BRAND AT REPUTASYON

Ang ibig sabihin ng Pagsasabuhay ng ating Prinsipyo sa **Pagkilos nang may Integridad** ay ang pagbibigay ng tapat at totoong impormasyon tungkol sa Iron Mountain sa bawat isa sa ating mga stakeholder. Ang matapat at maaasahang komunikasyon ang siyang nagbibigay-daan sa atin para pagtiwalaan tayo ng ating mga customer at ng publiko at magtiwala sila sa mga dokumentong inihahayag natin. Kaya mahalagang makipag-usap sa positibo at hindi pabago-bagong boses kapag nakikipag-ugnayan para sa kumpanya.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Hinding hindi tayo dapat na magsalita para sa kumpanya maliban kung opisyal tayong itinalaga para gawin ito.

IBIG SABIHIN NITO:

- Magalang nating isasangguni ang lahat ng kahilingan ng investor, analyst o media sa Pakikipagkomunikasyon sa Kumpanya o sa Pakikipag-ugnayan sa Investor
- Hindi tayo kailanman maghahayag ng kumpidensyal na impormasyon
- Hindi natin gagamitin sa maling paraan ang ating brand o logo
- liwasan natin ang pagbibigay ng impresyon na opisyal na paninidigan ng Iron Mountain ang ating personal na opinyon

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa pagprotekta sa ating brand at reputasyon, makipag-usap sa iyong manager, sa ating Team ng Pakikipagkomunikasyon sa Kumpanya o sa ating Team ng Pakikipag-ugnayan sa Investor.

PULITIKA SA LOOB AT LABAS NG LUGAR NG TRABAHO

Naniniwala tayong ang bukas at masiglang pulitikal na proseso ay nagdudulot ng mas patas at mas produktibong lipunan. Naniniwala rin tayong may karapatan ang lahat na ihayag ang kanilang sariling paniniwala at lumahok sa mga gawaing pambayan, subalit habang nasa trabaho, dapat na maging maingat at isama ang lahat kapag tinatalakay ang personal na pulitikal na layunin o paniniwala.



Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Ang pagiging aktibo sa pulitikal na proseso ay maaaring maghatid ng positibong pagbabago sa mga komunidad kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho, pero dapat tayong maging maingat na maingat kapag nagdadala ng personal na pulitika sa lugar ng trabaho.

IBIG SABIHIN NITO:

- Hindi natin kailanman gagamitin ang mga mapagkukunan ng kumpanya, kabilang ang ating oras sa trabaho at mga pondo ng Iron Mountain, para magsulong ng mga personal na pulitikal na layunin o paniniwala
- Magsagawa tayo ng mga hakbang (kahit sa mga aktibidad sa labas ng trabaho) para matiyak na ang personal na paniniwala sa pulitika ay hindi napagkakamalan na opisyal na paniniwala ng kumpanya
- Hindi tayo nangangampanya, nagsasagawa ng fundraising, nangangalap ng salapi para sa mga pulitikal na layunin o kandidato habang nasa trabaho
- Nagsasalita tayo kung may gumagamit ng pangalan ng Iron Mountain para magsulong ng personal na pulitikal na katayuan
- Iniiwasan natin ang pagsusuot ng damit na may tatak ng Iron Mountain kapag dumadalo sa mga pulitikal na kaganapan
- Ginagamit natin ang ating personal (hindi ang sa Iron Mountain) na impormasyon sa pakikipag-ugnayan kapag nag-aambag sa isang pulitikal na layunin o kandidato

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa pakikilahok sa pulitika at mga gawain sa gobyerno, makipag-usap sa iyong manager at balikan ang ating Patakarán sa Kontribusyon sa Pulitika.

PAGBABAWAL SA INSIDER TRADING

Bilang mga empleyado, maaaring may access tayo sa impormasyong magagamit para impluwensyahan ang mga pagpapasya hinggil sa pamumuhunan na nauugnay sa Iron Mountain o sa iba pang kumpanya. Ang ibig sabihin ng ating Prinsipyo sa **Pag-aangkin ng Kaligtasan at Seguridad** ay lubusang pag-iingat para maprotektahan ang materyal, di-pampublikong impormasyon at panloob na impormasyon — hindi ang paggamit nito para sa personal na pakinabang o pagbabahagi nito sa iba pa para magawa nila iyon.

Kung Paano Tayo Nagkakaroon ng Pananagutan

Masisira ng insider trading ang kumpiyansa sa atin ng mga investor at ng merkado.

Pigilan ang hindi wastong paggamit sa panloob na impormasyon sa pamamagitan ng:

- Pagbabahagi nito sa mga kailangan lang makaalam
- Hindi pagbanggit nito sa mga kapamilya o kaibigan
- Hindi kailanman pagtalakay nito habang nasa publiko o sa social media
- Pagpapanatiling protektado ito — kailanganin mang i-lock ang mga drawer o pinto ng opisina, o protektahan ang mga laptop at mobile device

Kasama sa Panloob na Impormasyon ang:

- Mga plano sa merger at acquisition
- Mga tinatayang kita o pagkalugi
- Mahahalagang pagpapalabas ng produkto o serbisyo
- Mga pagbabago sa ehekutibong pamunuan
- Malalaking pagbabago sa estruktura ng kompanya
- Mahahalagang kaso o legal na settlement
- Mga pagbabago sa diskarte sa dividend o buwis

Alamin pa:

Kung may mga tanong ka tungkol sa insider trading, makipag-ugnayan sa Legal Department at balikan ang ating Patakaran sa Insider Trading.



ANG IRON MOUNTAIN ETHICS LINE

Maaari kang mag-ulat ng mga etikal na alalahanin o paglabag at magtanong, 24 na oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Iron Mountain Ethics Line. Pinapatakbo ng isang hiwalay na kumpanya ang Ethics Line, at (kung saan pinapahintulutan ng batas) mapipili mong manatiling ganap na hindi makikilala.

PARA MAG-ULAT SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO:

Tumawag sa numero para sa iyong bansa at provider na nakalista sa sumusunod na mga pahina. *(Kung nahihirapan kang matawagan ang Ethics Line gamit ang numerong nakalista, pakiberipika ang numero sa www.IMEthicsLine.com.)*

PARA MAG-ULAT ONLINE:

Mag-file ng ulat sa pamamagitan ng pagbisita sa **www.IMEthicsLine.com**.

Mga Numero ng Iron Mountain Ethics Line

Argentina	+0 800 333 0095
Argentina	+00 800 1777 9999
Armenia	+1 720 514 4400
Australia	+0011 800 1777 9999
Australia	+1 800 763 983
Austria	+800 281119
Belarus	+8 820 0011 0404
Belgium	+0800 260 39
Belgium (<i>Comgen Brussels</i>)	+00 800 1777 999
Brazil	+0800 892 2299
Brazil	+0021 800 1777 999
Brazil (<i>Rio de Janeiro</i>)	+55 212018 1111
Bulgaria	+0800 46038
Canada	+800 461 9330
Canada	+1 800 235 6302
Chile	+1230 020 3559
China - Lahat ng Carrier	+400 120 3062
China - Telecom at Unicom Lang	+00 800 1777 9999
Colombia	+844 397 3235
Colombia (<i>Bogota</i>)	+57 13816523
Croatia	+0800 806 520
Cyprus	+8009 4544

Czech Republic	+800 701 383
Denmark	+8082 0058
Denmark	+00 800 777 9999
Dubai	+8000 3570 3169
Estonia	+800 0100 431
Finland	+0800 07 635
Finland (<i>Sonera</i>)	+990 800 1777 9999
France	+805 080339
France (<i>kasama ang Andora, Corsica, Monaco</i>)	+00 800 1777 9999
Germany	+0800 181 2396
Germany (<i>Deutsche Bundespost Telekom</i>)	+00 800 1777 9999
Greece	+00800 1809 202 5606
Hong Kong (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+800 906 069
Hong Kong (<i>CW</i>)	+001 800 1777 9999
Hungary (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+36 212111440
Hungary	+00 800 1777 9999
India (<i>VSNL</i>)	+000 800 100 3428
India (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+000 800 100 4175
India (<i>Kolkata</i>)	+91 337 1279005
Indonesia	+803 015 203 5129
Indonesia (<i>Jakarta</i>)	+62 21 50851420
Ireland (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+1800 904 177

Mga Numero ng Iron Mountain Ethics Line

Ireland (<i>Telecom Eireann</i>)	+00 800 1777 9999
Kazakhstan	+8 800 333 3511
Latvia	+8000 4721
Lithuania	+8 800 30451
Malaysia	+60 0 1548770383
Malaysia (<i>Malaysia Telecom</i>)	+00 800 1777 9999
Mexico (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+800 681 6945
Mexico (<i>Telmex</i>)	+001 866 376 0139
Netherlands (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+0 800 022 0441
Netherlands (<i>Telecom Netherlands</i>)	+00 800 1777 9999
New Zealand (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+0800 002 341
New Zealand (<i>Telecom</i>)	+00 800 1777 9999
Norway (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+800 24 664
Norway (<i>Telenor Nett</i>)	+00 800 1777 9999
Peru	+0800 78323
Pilipinas (<i>Maynila - Lahat ng Carrier</i>)	+63 2 8626 3049
Pilipinas (<i>PLDT</i>)	+00 800 1777 9999
Poland (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+00 800 141 0213
Poland (<i>Polish Telecom</i>)	+00 800 111 3819
Romania	+0 800 360 228
Russia	+8 800 100 9615
Serbia	+0800 190 167

Singapore (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+800 852 3912
Singapore (<i>Singapore Telecom</i>)	+001 800 1777 9999
Slovakia	+0 800 002 487
South Africa (<i>Johannesburg - Lahat ng Carrier</i>)	+27 105004106
South Africa (<i>Posts & Telecom</i>)	+00 800 1777 9999
South Korea (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+080 808 0574
South Korea (<i>Dacom</i>)	+002 800 1777 9999
Spain	+900 905460
Spain (<i>kasama ang Canary Islands</i>) - Telefonica	+00 800 1777 9999
Sweden	+020 889 823
Sweden (<i>Telia Telecom AB</i>)	+00 800 1777 9999
Switzerland	+0800 838 835
Switzerland (<i>kasama ang Lichtenstein</i>)	+00 800 1777 9999
Taiwan (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+00801 14 7064
Taiwan (<i>Chunghura Telecom</i>)	+00 800 1777 9999
Thailand (<i>Lahat ng Carrier</i>)	+1 800 012 657
Thailand (<i>Comm Authority of Thailand</i>)	+001 800 1777 9999
Turkey	+90 850 390 2109
Ukraine	+0 800 501134
United Kingdom	+0 808 189 1053
United States of America	+800 461 9330
United States of America	+1 503 726 2429



KODIGO NG ETIKA at ASAL SA NEGOSYO



One Federal Street
Boston, MA 02110
1.800.899.4766

[ironmountain.com](https://www.ironmountain.com)